# Pangkalahatang Ideya tungkol sa Bagong Programa para sa Pangangalaga sa Matatanda sa Bahay (In-Home Aged Care)

## Papel ng Talakayan

Ang pangangalaga sa matatanda sa bahay (in-home aged care) ay sumusuporta sa humigit-kumulang 1 milyong matatandang Australyano. Ang mga serbisyong ito ay mula sa transportasyon at paglilinis ng bahay hanggang sa klinikal na pangangalaga, tulad ng pangangalaga ng nars at allied health.

Karamihan sa mga tao ay gustong manatili sa kanilang mga tahanan hangga't maaari. Napakahalaga na ang mga serbisyo ay madaling ma-access at mabisang sumusuporta sa pamumuhay nila nang nagsasarili.

Kasama sa kasalukuyang sistema ng in-home aged care ang 4 na programang pinondohan ng pamahalaan:

1. Commonwealth Home Support Programme (CHSP) ay nagbibigay ng mga entry-level na serbisyo upang suportahan ang mga matatandang Australyano sa pang-araw-araw na pamumuhay.
2. Home Care Packages (HCP) ay tumutulong sa mga matatandang Australyano na may mas kumplikadong mga pangangailangan sa pangangalaga upang mamuhay nang nagsasarili at ligtas sa tahanan.
3. Short-term Restorative Care (STRC) ay tumutulong sa mga matatandang Australyano na pamahalaan at umangkop sa kanilang nagbabagong mga pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda.
4. Residential respite ay nagbibigay-daan upang panandaliang manatili ang mga matatandang Australyano sa pasilidad ng pangangalaga sa matatanda. Ang respite ay maaaring ayusin nang maaga at magagamit kung may hindi inaasahang pangyayari.

Gaya ng binalangkas ng Royal Commission sa Aged Care Quality and Safety (ang Royal Commission), ang kasalukuyang sistema ng in-home aged care ay kailangan pagbutihin.

Kasama sa mga isyung nabanggit ang:

- Masyadong matagal ang mga oras ng paghihintay para sa pangangalaga.
- Ang mga kaayusan ng programa ay nakakalito.
- Masyadong mahal ang mga bayarin sa pangangasiwa.
- Ang mga serbisyo ay hindi laging mahusay na natutukoy.
- Ang mga matatandang Australyano ay hindi laging nakakakuha ng tulong na kailangan nila upang suportahan ang

kanilang pamumuhay nang nagsasarili.

**Ipahayag ang iyong palagay tungkol sa bagong programa para sa in-home aged care.**

**Ang mga pagsusumite ay bukas hanggang ika-25 ng Nobyembre 2022, sa online o sa telepono.**

## Paano tumutugon ang Pamahalaan?

Ang Pamahalaan ng Australya ay nakatuon sa paglutas ng mga isyu sa kasalukuyang mga programa sa pangangalaga sa matatanda. Magsisimula ito sa pakikinig sa mga taong gumagamit at naghahatid ng mga serbisyong ito.

Alinsunod sa rekomendasyon ng Royal Commission, ang Gobyerno ay bubuo ng isang bagong programa ng in-home aged care, na magsisimula sa ika-1 ng Hulyo 2024.

Ang bagong programa ng in-home aged care ay dapat:

- Madaling ma-access at maunawaan, na may isang proseso ng pagtatasa.
- Bigyan ang mga tao ng napapanahong access sa ligtas at mataas na kalidad na mga serbisyo na kailangan nila.
- Bigyan ang mga tao ng tunay na pagpipilian at kontrol upang makapagpasya kung anong mga serbisyo ang matatanggap nila.
- Magkaroon ng patas at malinaw na mga bayarin na nagdidirekta ng mga pondo sa paghahatid ng mataas na kalidad ng pangangalaga.

Nangangako ang Pamahalaan na ang mga taong sinusuportahan ng umiiral na mga programa sa pangangalaga sa matatanda na pinondohan ng Commonwealth ay hindi mawawalan ng anumang mga kasalukuyang serbisyo sa ilalim ng bagong programa.

## Tungkol sa konsultasyong ito

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Pangangalaga sa Matatanda (Department of Health and Aged Care) (ang departamento) ay naghanda ng papel ng talakayan upang hingin ang iyong feedback tungkol sa mga reporma sa sistema ng in-home aged care.

Binabalangkas ng papel ng talakayan ang:

- 5 pangunahing bahagi na tututukan sa disenyo.
- Mga tanong upang makatulong sa iyong feedback.
- Isang indicative model kung ano ang maaaring maging hitsura ng bagong programa ng in-home aged care.

## Buod ng papel ng talakayan

## 1. Gawing simple at madali para sa mga matatandang Australyano na pamahalaan ang kanilang sariling pangangalaga

### Gawing madali ang pag-access sa in-home aged care

Maraming matatandang Australyano ang nahihirapang gumamit ng sistema ng in-home aged care. Ito ay dahil iba't ibang organisasyon ang responsable sa pagtatasa ng mga tao para sa iba't ibang mga programa. Ito ay nakakalito at maaaring humantong sa maraming pagtatasa bago maipasok ang isang tao sa tamang programa.

Maaari ring nakakalito ang paggamit ng tatlong magkakaibang programa sa in-home aged care, lalo na kung nagbabago ang mga pangangailangan ng pangangalaga. Halimbawa, ang mga taong tumatanggap ng entry-level na mga serbisyo sa ilalim ng CHSP ay kadalasang kailangang magpalit ng mga provider kapag lilipat sila sa HCP kung maragdagan ang kanilang mga pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda.

Upang gawing mas madaling ma-access ang pangangalaga, ang mga reporma ay gagawa ng isang programa na may isang proseso ng pagtatasa.

### Mas maraming pagpipilian at kontrol sa mga serbisyo

Sa ilalim ng programa ng HCP, ang mga matatandang Australyano ay dapat gumamit ng iisang provider na maghahatid ng lahat ng kanilang mga serbisyo sa in-home aged care. Ito ay magdudulot ng maraming hamon. Halimbawa, maaaring hindi magbigay ang ilang provider ng parehong antas ng kalidad at pagkasulit sa pera sa lahat ng uri ng serbisyong ibinibigay nila.

Dapat payagan ng bagong programa ang mga tao na pumiling magkaroon ng isa lang o maramihang provider. Ang pagpipiliang ito ay makakatulong sa mga matatandang Australyano na ma-access ang pangangalagang pinakamahusay na tutugon sa kanilang mga pangangailangan.

Upang maisakatuparan ito, sinusuri ng departamento ang mga bagong kaayusan sa pagbabayad. Maaaring kasama rito ang bagong platform ng pagbabayad upang gawing madali ang proseso ng pagbabayad sa mga service provider.

## 2. Baguhin ang papel ng mga kasosyo sa pangangalaga sa paghahatid ng pinakamahusay na gawi sa pamamahala ng pangangalaga

Ang pamamahala ng pangangalaga ay makukuha sa ilalim ng programa ng HCP at ang mga matatandang Australyano ay humiling ng kalinawan tungkol sa papel ng mga tagapamahala ng pangangalaga sa pag-uugnay ng kanilang pangangalaga. Binigyang-diin ng konsultasyon na ang pamamahala ng pangangalaga ay dapat isang tunay na pakikipagtulungan sa mga matatandang Australyano upang masiguro ang pinakamabuting pangangalaga.

Kaya't babaguhin ng bagong programa ang tungkuling ito. Ang mga kasosyo sa pangangalaga ay magbibigay ng klinikal na pangangasiwa at pagsubaybay para sa mga matatandang Australyano upang tumugon sa pagbabago ng mga pangangailangan. Tutulong sila sa pag-koordina ng mga serbisyo at pangungumusta sa kanilang mga kliyente upang matiyak ang kanilang patuloy na kaligtasan at kagalingan.

Kailangan ding madaling makuha ng lahat ng matatandang Australyano ang pamamahala ng pangangalaga, hindi lamang ng mga may kumplikadong pangangailangan. Halimbawa, ang mga kasosyo sa pangangalaga ay dapat magkaroon ng tungkulin sa pagtulong sa mga matatandang Australyano na piniling pamahalaan ang kanilang sariling pangangalaga. Ang departamento ay nagsisikap makamit ang layuning ito, habang isinasaalang-alang kung paano itutuon ang kakaunting kadalubhasaan sa mga taong higit na nangangailangan nito.

## 3. Matugunan ang buong halaga ng pangangalaga habang nasusulit ang halaga ng pera

Ang mga matatandang Australyano ay nagpahayag ng mga pag-aalala na hindi nila nasusulit ang halaga ng pera sa kanilang mga provider ng home care. Marami ang nagbabayad ng mahal para sa administratibo at pamamahala ng pangangalaga ngunit walang sapat na kalinawan (transparency) tungkol sa layunin ng mga bayarin na ito. Sa kabilang banda, binigyang-diin ng mga service provider na ang mga presyo na dapat sumaklaw sa buong halaga ng paghahatid ng serbisyo.

Ang Pamahalaan ay nakatuon sa pagpapabuti ng mga kaayusan sa pagpopondo at kasiguruhan ng kalidad (quality assurance) upang matiyak na ang mga matatandang Australyano ay makakatanggap ng mga serbisyong abot-kaya, ligtas at may mataas na kalidad.

Samakatuwid, ang departamento ay bumubuo ng isang bagong batayan ng pagpopondo. Layunin nitong gawing katumbas ang halaga ng mga serbisyo sa binayarang halaga para sa pamahalaan at matatandang Australyano. Sa pamamagitan ng pinaghalong pagpopondo ng grant at mga kabayarang nakabatay sa gawain, ang mga provider ay magkakaroon ng kakayahang magtrabaho nang mabisa.

Makikipagtulungan ang departamento sa Independent Health and Aged Care Pricing Authority upang bumuo ng mga tamang presyo para sa bawat serbisyo na kinabibilangan ng pangangasiwa, paglalakbay at iba pang mga gastos. Para sa ilang uri ng serbisyo, gaya ng transportasyon sa komunidad at suportang panlipunan ng grupo, pupunan ito ng mga grant upang matulungan ang mga service provider na matugunan ang kanilang mga hindi nagbabagong gastos (fixed costs). Gagamitin din ang mga grant upang madagdagan ang mga serbisyo sa mga lugar tulad ng rural at malalayong pook kung saan maaaring may kakulangan ng mga provider.

Ang mga taong kayang mag-ambag sa halaga ng kanilang pangangalaga ay inaasahang gagawin ito sa ilalim ng bagong programa.

## 4. Naibabagay na pagtugon sa mga nagbabagong pangangailangan ng mga matatandang Australyano

### Pagbutihin ang proseso ng pagtatasa

Ang mabigyan ng tamang pagtatasa ng pangangalaga sa matatanda ay napakahalaga. Iniuugnay nito ang mga matatandang Australyano sa antas ng pangangalaga na tutugon sa kanilang mga pangangailangan at direktang pagpopondo upang matugunan ang mga pangangailangang ito.

Upang makamit ito, nakipagtulungan ang departamento sa HealthConsult, Flinders University at Global Center for Modern Aging para bumuo at sumubok ng bagong tool sa pagtatasa at sistema ng pagkakategorya. Ang paunang pagsubok (initial trial) ng tool sa pagtatasa ay isinagawa noong unang bahagi ng 2022 at ang feedback dito ay pagbabasehan ng mga susunod na trial.

### Naibabagay na pagpopondo upang tumugon sa mga nagbabagong pangangailangan

Ang pagtatasa ng pangangalaga sa matatanda ay nagbibigay ng point-in-time na indikasyon ng mga serbisyo na maaaring kailanganin ng isang tao upang matulungan siyang mamuhay nang ligtas at nakapagsasarili sa bahay. Ngunit ang mga kalagayan ng mga matatanda ay nagbabago, at gayundin ang kanilang mga pangangailangan sa pangangalaga sa matatanda.

Tinutulungan ng programa ng STRC ang mga taong humaharap sa mga paghamon upang mabawi o mapanatili ang kanilang pamumuhay nang nagsasarili sa bahay, ngunit limitado ang pagpopondo. Ang mga matatandang Australyano ay dapat magkaroon ng kakayahang umangkop upang ayusin ang magkakahalong mga serbisyong kanilang natatanggap habang nagbabago ang kanilang mga pangangailangan sa paglipas ng panahon.

Sa bagong programa, magkakaroon ng access ang mga service provider sa karagdagang pondo para tumugon sa nagbabagong pangangailangan ng kanilang mga kliyente. Halimbawa, kung ang isang tao ay nangangailangan ng panandaliang tulong sa transportasyon, maaaring singilin ng kanilang provider ang mga karagdagang serbisyong ito mula sa nakalaang pondo.

## 5. Itaguyod ang pagbabago at pamumuhunan sa hinaharap para sa in-home aged care.

Ang mga repormang ito ay isang pagkakataon upang pagyamanin ang mga bagong ideya at pangmatagalang pamumuhunan sa sistema ng in-home aged care. Halimbawa, ang mga bagong tagapagpahiwatig (indicators) ng kalidad at mga star rating ay hihikayat sa mga provider na makipagkumpitensya sa kalidad ng kanilang mga serbisyo.

Ang mga iminungkahing repormang ito ay magbibigay ng higit na katiyakan tungkol sa mga kaayusan sa pagpopondo, mga regulasyon, at paglago sa hinaharap sa sektor ng

pangangalaga sa matatanda. Lilikha ito ng mga tamang kondisyon para sa pamumuhunan sa mga bagong paraan ng paghahatid ng mataas na kalidad na pangangalaga.

Ang bagong programa ay magkakaroon ng hiwalay na pagpopondo para sa mga tulong, kagamitan at pantulong na teknolohiya na magtataguyod ng access sa mga umuusbong na teknolohiya upang suportahan ang mga matatandang Australyano na manirahan sa bahay. Ang iba pang mga opsyon tulad ng mga innovation grant ay maaari ring isaalang-alang sa ilalim ng programa.

## Ano ang magiging hitsura ng bagong programa ng in-home aged care?

Pinagsasama-sama ng indicative model ang mga kasalukuyang programa ng in-home aged care at tinutugunan ang mga alalahanin na ipinahayag ng Royal Commission at mga nakaraang konsultasyon. Iminumungkahi nito ang:

- Pagtatasa para sa mga serbisyo sa pangangalaga sa matatanda gamit ang mga napatunayan nang mga tool sa pagtatasa.
- Maagang suporta para mamuhay nang nagsasarili sa bahay, kabilang ang mga pantulong at kagamitan at mga pagbabago sa tahanan.
- Suportahan ang mga plano para sa buwanang patuloy na mga serbisyo na nagbabalangkas sa mga antas ng serbisyo.
- Kakayahang umangkop (flexibility) para maiakma ng mga kliyente ang mga serbisyo ayon sa kanilang mga pangangailangan.
- Ang mga kasosyo sa pangangalaga ay magbibigay ng klinikal na pagsubaybay at suporta kung kinakailangan.
- Posibleng mas mataas na antas ng suporta sa bahay, habang naghihintay ng karagdagang pananaliksik.
- Isang magkakahalong model ng pagpopondo para sa mga service provider na pinagsasama-sama ang mga bayarin-para-sa-serbisyo na naatraso ang pagbabayad at isang hanay ng mga sumusuportang grant.
- Paglago ng programa upang matugunan ang mga pangangailangan ng isang tumatandang populasyon.
- Regulasyon na angkop sa antas ng panganib.
- Awtomatikong nakukuha ang datos sa paghahatid ng serbisyo upang mapabuti ang pag-uulat at pangangasiwa ng pamahalaan.

## Paano magbibigay ng iyong palagay

Malugod naming tinatanggap ang iyong feedback sa indicative model at ang mga tanong na nakalagay sa papel ng talakayan Sa tulong na iyong suporta at input, makakalikha kami ng mas mahusay na programa sa in-home aged care.

Maaari kang magbigay ng iyong palagay gamit ang online form, mag-upload ng nakasulat na pagsusumite o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1800 318 209.

Magbubukas ang mga pagsusumite hanggang ika-25 ng Nobyembre 2022.

Telepono **1800 318 209**
(Libreng tawag sa telepono ng Aged Care Reform)

Bisitahin ang **agedcareengagement.health.gov.au**

Para sa mga serbisyo ng pagsasalin-wikang pasulat at pasalita, tumawag sa 131 450 at hilingin ang My Aged Care sa 1800 318 209. Upang gumamit ng National Relay Service, bisitahin ang nrschat.nrscall.gov.au/nrs o tumawag sa 1800 555 660.